



**Mga Editor sa Pinuno:** Rev. Stacey Blair at Rev. Eboni Nash Mga
**Editor:** Rev. Chad Blackman, Rev. Kyle Metzger HP, Rev. Angela Munn HP, Rev. Silas Mimir HP, Rev. Mylinda Whiteley

**Mga larawang ibinigay ng The Order of Photographers at Videographers; Apo Kyle Metzger HP**

Welcome sa Unang Edition ng muling pagsilang ng Correllian Times. Ramdam natin lahat ang kasabikan na muling matunghayan ang Correllian Times, at ito ay para sa Karangalan ng ating pinakamamahal na si Blv. Rt. Windy Lajoie, at aming nagpagpasiyahan na bigyan muli ng buhay ang Lathalaing ito. Nakita naming ang pangangailangan na maikalat ang mga impormasyon patungkol sa mga kaganapan idinaraos ng ating mga kaanib sa tradisyon sa buong mundo sa iisang lathalain, at ito ay magbibigay ng pagkakataon na maitanghal ang mga bukod tanging kasanayan ng ating mga kaanib sa Tradition. Ang muling pagsilang ng Correllian Times ay lubos na kinakailangan, at kami ay umaasa na makatwiran naming maisagawa ito bilang Pamana ng ating pinakamamahal na Blvd. Rev. Windy.

Kung nais mong magsumite ng mga kaganapan o artikulo para sa pagsasaalang-alang, mangyaring huwag mag-atubiling mag-email sa amin sa: CorrellianTimes@ gmail.com. Ang mga artikulo ay dapat na nauugnay sa Correllian ay dapat isumite bago ang hatinggabi ng ika15 ng buwan para sa publikasyon sa susunod na buwan. Nag-aalok kami ng advertising para sa mga negosyo na hindi pang-Correllian o mga kaganapan na may kalakip na halaga, mangyaring makipag-ugnay sa amin para sa karagdagang impormasyon.



Kredito sa larawan: Rev. Kyle Metzger HP

©Copyright - Correllian Times

## Correllian Spotlight: Ang Pinakamamahal na Windy Lajoie

Ni Rev. Stacey Blair



Tumangis ang buong Correllian Nativist Tradition noong araw na tumawid sa kabilang buhay ang ating Pinakamamahal na Windy. Hindi ko lubos na kilala si Lady Windy, at tanging sa Email lang at mga liham ko sya nakilala at mula roon ay wari ko na sya ay isang kamangha-manghang babae na minamahal ng lahat at ng buong Correllian Tradition. Isa sya sa mga kauna-unahang Ikatlong Antas na Pari ng Correllian Tradition na kumuha ng kasanayan sa pamamagitan ng mga araling naaayon sa ating kasalukuyang pamantayan. At dahil dito sya ay naging tunay na tagapanguna sa ating tradisyon. Sya ang Unang Elder na naglingkod sa tradisyon mula Bagong Taon ng 16 Aquarius hangang sa kanyang pagpanaw noong Lammas ng 18 Aquarius. Marami syang mga Panukalang Gawain at isa na rito ang Correllian Times. Ang iba sa kanyang mga Gawain ay ang pagiging Mentor, Arch Priestess, Dean of Mentors, Dean of Students sa Witch School at Seminary ng Correllian Tradition, Pinuno ng Correllian Membership Office, Punong Bantay ng Dambana ng Hooded Crone, Pinuno ng Order of Web Weavers, Order of Recovering Correllians, at ng Order of the House Survivors. Isa rin syang masugid na nagiingat ng mga sining, at higit nyang pinakatatangi dito ay ang mga gawa ni Lady Bitterwind na isa rin Correllian at Kapwa First Elder ng Tradisyon.

Ang ating kapatid na si Lady Alyssa, ang kasalukuyang First Elder, ay ibinahagi nya ang kanyang pahayag patungkol kay Lady Windy na: "Si Lady Windy ay natatangi at mapagmahal na babae. Mahal nya ang kanyang Kadugong Pamilya at ganun din ang Correllian Tradition bilang kanyang Spiritual na Pamilya. Nagtrabaho sya ng maigi at itinuon nya ang kanyang oras sa paglilingkod para sa Tradisyon. Masayahing tao sya at wala syang takot na ihayag ang nilalaman ng kanyang isipan. Isang malaking karangalan na makilala ko sya at hangang ngayon ay ramdam ko ang kanyang pag gabay, at hangang ngayon ay naririnig ko pa rin ang kanyang Boston Accent na nangungusap sa akin. Maliit syang babae pero isa syang dakila na mas malaki pa sa buhay, sa sukdulang walang isang tao na maaring makatayo suot ang kanyang sapatos. Nananabik tayo sa kanya lalo na tayo naririto pa sa mundo ngunit labis ang ating pasasalamat sa kanya dahil tayo ay kanyang ginagabayan mula sa kapulungan ng mga Anito/ Ninuno."



©Copyright - Correllian Times 

Labis nating kanasabikan si Lady Windy ngunit alam nating lahat na sya ay patuloy na gumagabay sa atin dito sa ating Tradition. At lalo't higit na sya ay nakasubaybay sa atin dito sa Corellian Time press room. At nararapat lamang na parangalan natin sya sa pamamagitan ng Unang Limbag na ito sa muling pagsilang ng Correllian Times. Basbas ng Pagpapala ay Sumaiyo aming Pinakamamahal na Lady Windy Lajoie! Mayari Na! PagAsatin!

## Ang Pitak ni Lord Don/ Apu tanglaw liwanag



Pagbati sa Lahat!

Isang malaking kasiyahan na ihatid sa iyo ang bagong lathala ng Correllian Times. Ang unang Correllian Time ay mula sa binhi ng pagibig na pinagpagalan ng ating pinakamamahal na Windy LaJoie na dating First Elder ng Tradisyon. Isang Kasiyahan na Makita ang muling pagsilang nito sa atin at ako ay umaasa na makita na magpatuloy ang Correllian Times sa mahabang panahon. Lubos na naaangkop ang muling pagbabalik ng Correllian Times ngayong papalapit na Undas (Samhaintide) sa di pangkaraniwang taon. Karamihan sa atin, ang taong ito ay puno ng pagsubok at paghihirap. Sa pagitan ng Pandemiko at dakilang kaguluhan sa ating lipunan na humawi sa buong mundo, nagkaroon ng matinding pagkabahala at pagkabalisa sa mga taong hindi direktang nasalanta ng trahedya.

Ngunit ang taong ito ay nagdulot din sa atin ng Pagpapala. Ang ika 20 Taon ng Aquarius ay kinakikitaan ng malaking pag usad kung paano natin ginagamit ang teknolohiya, tulad ng pag ankop natin sa mga issue ng pagsasara/ Shot down at patakaran ng Physical Distancing/ Social Distancing. Ito ay hayag na makikita sa atin kung paano natin ginagamit ang mga Online Venues para sa mga kaganapan na karaniwan nating isinasagawa ng harapan. Sa ating Pamayanan bilang kaanib ng Correllian Tradition, ang ating pagdaraos ng mga kapistahan at ritwal ay malamang na ating maipagpaliban at di na isagawa, at ganun din naman sa pangkalahatang Lipunan na ang pagtatrabaho at ang pagpasok sa paaralan ay naipagpaliban din naman. Ang buong lipunan ay umuusad na sa ganitong pamamaraan, ngunit ang Taong 20 ay pinakilos ang buong lipunan upang tugunan ang pangangailangan na sa halip na magaganap sa hinaharap ito ay ating naisagawa sa ngayon.

Hindi ito nangangahulugan na ang pagtitipon ng harapan ay gawain ng nakaraan- at ito ay malayo sa katotohanan. Walang pagaalinlangan na muling magbabalik ang harapang pagtitipon sa lalong medaling panahon na maging ligtas na ang ating mga lugar. Ngunit di rin naman ito nangangahuluugan na kung tayo ay magbabalik sa harapang pagtitipon ay hindi na tayo gagamit ng online venue na syang sumagip sa atin sa mga ganitong panahon. Sa halip, tayo ay muling magbabalik sa harapang pagtitipon at patuloy pa ring gagamitin ang mga online venues. Totoong nakatitiyak ako na maraming magsasagawa ng harapang pagtitipon at online bilang bagong patakaran sa halip na hiwalay na pamamaraan.

©Copyright - Correllian Times 

Tayo sa Correllian Tradition ay bukod tanging handa upang isagawa ang paglundag at pagsulong ng teknolohiya dahil sa atin ng pinaghandaan ang ganitong kaisipan. Ito ay dahil sa pagsisikap na pagtatalaga ng ating magreretirong First Elder at Paladin General na si Ser Ed Hubbard, atin ng natutunan ang ganitong teknolohiya at napaghandaan na natin itong gamitin bago pa man dumating ang pandemya. Inaasahan nating magagamit ito sa taong 21, ngunit napadali natin ang pag gamit nito dahil narin sa mga batayan na matagal nang naitakda.

Ito ay hindi na kagulat gulat dahil ang Correllian Tradition ay laging nangunguna sa pag angkop pagdating sa mga bagong teknolohiya. Kahit na ang mga Magazine tulad ng Wheel of Hekate (1986) o ang The Round Table (1994), mga palatuntunan sa radio tulad ng Pyschic Chicago (1991) o ang Telepathic Radio (1999), pamamaraan ng pagtuturo gamit ang internet tulad ng Witch School (2001), mga video tulad ng Magick TV (2005), podcasting tulad ng Pagans Tonight (2009), o ang mga Livecasting na meron tayo ngayon na ating pinagsusumikapan upang manatiling angkop sa panahon. Tulad ng laging sinasabi ni Ser Ed na: "mahalin nyo ang inyong mensahe na nais ipabatid at hindi ang paraan kung paano nyo ito ipababatid.", at aming ngang nagawa at patuloy na gagamit ng iba't ibang pamamaraan na maaring gamitin upang maabot at mapaglingkuran kayo na aming pamayanan.

Laging nakaantabay si Ser Ed sa mga bagong labas na teknolohiya, at dahil dito tayo ay laging nangunguna makagamit at umangkop sa mga bagong teknolohiya- tulad ng nagawa nating muli ngayong taon.

Ang unang pagtatangka ng pagsasagawa ng livecasting ay naganap sa Salem Witches' Ball ng 2010. At sa pagkakataong iyon, ang pagsasagawa ng livecasting ay magastos at kinakailangan ng malalaking mga kagamitan na parang kariton na laging dala dala ng nagsasagawa ng livecasting. Ngunit ngayon, ito ay naging mas madali na parang nagbukas ka lang ng Computer. Ganito kalayo at kabilis ang ating narrating! Isipin ninyo kung ano pa kaya ang magagawa natin 10 taon magmula ngayon. Virtual Reality Livecasting?

Noong ako ay bata pa, nakita na namin na ito ay darating at inaasahan na ito ay magaganap sa susunod pang henerasyon, at hindi inaakala na mararanasan pa ang mga ito. At dahil sa marami na tayong nakita sa mga bagay na ito sa kasalukuyan, hindi ko lubos maisip kung ano pa ang ating kayang gawin para sa hinaharap? Ngunit ano man ang mangyari, ikaw ay makatitiyak na ang mga Correllian ay tatangkilik sa mga ito.

Ang aming pagtatalaga ay ang maglingkod sa Diwata at paging ganapin ang kapangyarihan ng kaluluwa sa katawan, ang pagtuturo at pagpapalawak ng Psychic Arts, at ang pagpapalaganap ng kaalaman at kasanayan sa Conscious Incarnation, upang ganap mong magamit ito sa iyong buhay! Ating gagamitin ang lahat ng kasangkapan na maari nating magamit upang maisakatuparan ang mga layuning ito. At dapat kong sabihin na ako ay namamangha na panoorin kung paano umuunlad ang mga kasangkapang teknolohikal at matuto kung paano ito maiangkop para paglingkuran ang pamayanang metapisikal.

©Copyright - Correllian Times 

Ngayong Oktobre ating isinasagawa ang Halloween Psychic Fair sa buong buwan. At bahagi nito ay aming inihahandog ang malawak na hanay ng mga Psychic Readings sa iba't ibang kasanayan, pati na rin mga bagay tulad ng Seances. Noong isang gabi ay nagsagawa ako ng Séance na dinaluhan ng mga tao dito sa Florida, gayun din sa ibang estado sa America hangang sa Scotland. Nang matutunan ko ang kasanayang ito noong panahon ng 70's, sinasabi ko sa inyo na hindi ko inaakala na magagawa ko ito! May mga nakilala ako na mga tao sa panahong nagdaan na ang tingin nila sa Magic at Teknolohiya ay magkasalungat, ngunit bilang Correllian, tinuturing ko syang dalawang kamay na kumikilos upang gumawa- na isinusulong tayo bilang tao na muli ay upang maging ganap ang ating kamalayan sa kaisahan ng ispirito sa pisikal na mundo.

Ang Magazine tulad ng Correllian Time ay tunay na bahagi ng katulad na gawain. Tayo ay tinipon upang magkakasamang maglakbay patungo sa hinaharap, sa pagbabahagi ng ating karanasan, at higit sa lahat ang pagbabahagi ng mga bagong kaalaman at pamamaraan. Nakatitiyak ako na ito ay isang masiyang paglalakbay na ikakagalak ng lahat!

**M. Rev. Donald Lewis-Highcorrell**


**Unang Pari at Chancellor, Tradisyon ng Correllian**


**Vox Correllianus, Apu Tanglaw Liwanag, Miyembro ng Triad Union**

## LADY STEPHANIE'S CORNER/ PITAK NI LADY STEPHANIE



**Ang Karunungan ni Lady Stephanie**. Dahil sa bugso ng pangangailangan sa Psychic Fair, hindi muna makakapagbigay ng ulat ang ating pinakamamahal na Lady Stephanie sa Edisyong ito. Tayo ay makakaasa na makatatangap ng balita sa kanya sa darating na pahanon.




**Suriin ang website at mga naisulat na aklat ni Lady Stephanie!**

https://www.stephanieleonneal.com/

## Ulat ng Pantas (Elder's News)

Ni Rt. Rev. Alyssa Maxon Kemp



Kung Ano ang nasa itaas, sya rin ang nasa baba. Ito ay pangkalahatang kasabhan, isang pagpapahayag ng katotohanan at pananampalataya. Sa atin bilang Wiccans at Pagano ito ay nangangahulugan na ang lahat ng nagaganap sa kabilang mundo ay sumasalamin sa mga pangyayaring nagaganap sa Pisikal na mundo kung saan tayo naninirahan. Ito ay laging hayag sa akin lalo na sa panahon ng taglagas, kung saan ang mga dahon ng mga puno ay nalalagas dito sa silangan at tinatakpan ang lupa upang magingat ng tubig sa panahon ng taglamig. Tigang at nilalamig, ang mga puno ay tila namamatay taon taon at muling isinisilang sa tagsibol. Dito makikita natin ang taunang pagbabago ng mga puno ay sumasalamin sa pagikot ng ating buhay, kamatayan at muling pagsilang. Ang mga puno sa panahong ito ay di naman talaga namamatay, tulad ng kaluluwa na hindi namamatay. Namamahinga tayo ng panandalian, tulad ng mga puno, at muling isinisilang sa takdang panahon. Ipinapakita ang katotohanang ito ng ating pananampalataya na nakasalig sa kalikasan at sa mundo: tulad ng mga puno muling yumayabong sa panahon ng tagsibol, ang mga kaluluwa din ay muling isisilang. Ang mga pahayag na ito ay ipinagkaloob sa atin ng Diwata upang ating makita at magamit sa ating paglalakbay sa mundo. Kung ano ang nasa itaas, sya rin ang nasa baba.



©Copyright - Correllian Times

## Ulat ng Direktor



Ni Rt. Si Rev. Ser. Jason Highcorrell

Ngayon buwan nais kong pag usapan natin ang patungkol sa pagsanguni sa kapalaran at ang gawa ng anino.

Simulan natin isalarawan kung ano ang ibig sabihin ng sariling anino. Binigyang kahulugan ni Carl Jung ang Sariling Anino o shadow self bilang mga bagay na nakukubli sa kamalayan ng isipan, ito man ay masama o mabuti. Bilang Correllians, naniniwala tayo sa karmic entanglements na mula pa sa nakaraan nating buhay.

Kaya, hindi lamang tayo makikipag-usap sa mga isyu sa ating kasalukuyang buhay, kundi pati na rin mga isyu mula sa mga nakaraang buhay. Ang pagharap sa iyong sarili na anino ay hindi dapat maging ganito kalaki, nakakatakot na bagay, ngunit maaari kang maging sanhi upang harapin ang trauma na iyong pinigilan. Kailangang magtrabaho ng ligtas ang trauma, upang bitawan ito, upang maaari kang sumulong. Dahil dito laging ipinapayong sabihin sa iyong tagapagturo o taong pinagkakatiwalaan mo na gagawin mo ito.

Magsimula tayo sa isang halimbawa. Gagamit ako ng Tarot Card upang sumanguni sa kapalaran, ngunit maari kang gumamit ng Runes o kahit anong anyo ng pagsasanguni sa kapalaran na gumagana para sa iyo. Kung gagawin ko ito, bubunot ako ng isang piraso ng baraha or di kaya tatlong piraso ng baraha; ang mahalaga ay gawin mo kung ano ang sa palagay mo ang tama.

Magsindi ng Kandila, at maari ka din magsindi ng Insenso. Umupo ng kumportable.

Habang binabalasa mo ang baraha, sabihin mo ang iyong tanong tulad ng: Bakit ako natatakot magisa? Bakit hindi ko makamit ang kasaganahan sa buhay? Bakit ko itinataboy ang mga tao papalayo sa akin? Ano ang sinasabi ng aking dakilang kamalayansa akin? At iba pa at saka bumunot ng baraha.

Tignan ang larawan nasa baraha. Paano pinukaw ng baraha ang iyong damdamin? May galit ba? Kalungkutan? Kasiyahan? O kakaiba? May pinaalaala ba sa iyo ang baraha? May nakita ka bang larawan ng isang tao? May nakita ka bang lugar, narinig na tinig o ingay, o may na amoy ka ba kakaiba?

Kung pakiramdam mo ay kailangan mo pang bumunot ng isang baraha, itanong mong muli sa iyong sarili ang mga katulad na katanungan. Gawin mo ito hangang sa maramdaman mo na nasagot na ang iyong mga katanungan. Kung sa palagay mo ay natapos mo na ang lahat, isulat mo ang iyong karanasan sa ganitong gawain. Kapag naisulat mo na ang lahat ng iyong naalala, ipikit mo ang iyong mata at tatlong beses kang huminga ng malalim. Pakiramdaman mo ang malapilak at ginto ningning ng liwanag na pumapasok sa tuktok ng iyong ulo, at pinupuno ang buo mong katawang ng Kapayapaan, Pagibig at kaligayahan bago ito tuluyan dumaloy patungo sa iyong talampakan.

Ang paraan sa pagawa ng iyong anino ay mahabang paglalakbay. Umaasa ako na makakatulong ito sa iyong pagtahak sa landas ng paghilom sa sarili at pagtangap sa kung sino ka.

©Copyright - Correllian Times

Tayo ay parehong may dakilang kamalayan at mababang kamunduhan. Hangang sa maakap natin ang sariling anino, tayo ay hindi mabubuo.

## Ang Men's Green Tent/ Luntiang Tolda ng mga Kalalakihan



Ni Rev. Chad Blackman

Ang Luntiang Tolda ng mga Kalalakihan ay nagsimula bilang minungkahing aralin na magaganap sa pagdiriwang ng Correllian Lustration 2020. Dahil sa Coronavirus Pandemic, ang kaganapan ay hindi naituloy. Ang nasabing kaganapan nagbago bilang isang pagkukusa noong Agosto 2020 at sa panahon din ito naidaos ang Luntiang Tolda ng Kalalakihan.

Mula sa panahong iyon patuloy na lumago ang samahan sa pagkakaroon ng mga kaanib. Ang buwanang pulong ay idinaraos kung saan ay may paksang inilatag upang tatalakayin ng mga kaanib. Ang bawat isa sa mga kaanib ay maghahayag ng kanilang kaisipan patungkol sa inilatag na paksa upang sa ganun ay marinig ang tinig ng bawat isa.

Ang pagtuklas sa Hiwaga ng Kabanalan ng Kalalakihan ay sya nating ginagawa mula sa pananaw ng kaispan gayun din sa aspetong spiritual. Matapos nito ay ating tinatalakay ang mga pamamaraan upang magawa ng makamundong bahagi ng ating buhay habang inuugnay ito sa ating spiritual na aspeto. Matapos nito ay tinatalakay natin ang mga pamamaraan upang magawa ng makamundong bahagi ng ating buhay ngunit habang iniuugnay ang ating espiritwal na sarili sa katanungan.

Inaasahan ng Kilusang ito sa ating samahan ang di lang sa paglinang ng ugnayan natin sa Diwata ngunit gayun din ang maging huwaran sa ating pamayanan. Hindi mahalaga kung sino ka o paano ka kikilalanin ng ibang tao, kung kinikilala mo ang lakas ng kalalakihan kung ganun Ikaw ay Tangap sa Luntiang Tolda ng Kalalakihan.

Ito ay patungkol sa pagyakap sa lahat ng aspeto ng Kabanalan ng Kalalakihan. Ang pagsasama at pagtanggap ay bahagi ng ministeryong ito. Halika at sumali sa aming Facebook Group. Sumali ka din sa aming Buwanang Pulong sa pamamagitan ng Zoom. Ang tinig mo ay mahalaga di lamang sa iyo kundi para sa ating lahat na tumutuklas kung paano tayo magiging mabuting kalalakihan. Ito ay hindi lamang patungkol sa akin o sa iyo kundi ito ay para sa Atin bilang kalalakihan ngayon at kung paano tayo lalago upang mapabuti ang ating sarili at ang buong mundo.

Sumali sa ating Facebook Group - https://www.facebook.com/groups/2743696855913483/ Ang mga para sa katanungan o komento maari mag email sa akin sa revchadcnt@gmail.com

## Krystel Cavaliers

Ni: Ser. Mylinda Whiteley

**Krystel Cavaliers ~ Sino tayo?**

Ang Krystel Cavaliers ay grupo ng mga scout at kumakatawan sa ministeryo pang kabataan ng Correllian Tradition. Noong nakaraang dalawang taon at higit pa, binuo nina Ret. Rev. Lady Angela Munn at Ser Mylinda Whitely ang local group ng mga scout na tinatawag bilang Oracle Owls sa Jacksonville, Florida. Ang samahang ito ay nakatangap ng pahintulot mula sa Spiral Scouts International. Makalipas ang isang taon pakikipagugnayan sa malaking samahan ng kabataan na gumagawa ng iba't ibang bagay tulad ng pagriritwal, mga likhaing sining, camping at iba pang gawain, napagpasyahan namin na gumawa ng sariling samahan para sa ating tradisyon.

Mga Isa at kalahating taon na ang nakararaan ng isilang ang Krystel Cavalier na hinango sa pangalan ni M. Rev. Krystel High-Correll, First Priestess (retired) bilang karangalan sa kanya. Bagaman mabagal ang pagkilos ng samahan dahil sa coronavirus pandemic, ngunit ngayon kami ay nagbabalik at handa na sumulong! Ang pinilakang hibla ng ating pagasa ngayon ay maari nating maabot ang maraming kabataan ngayon di tulad ng dati dahil sa modernong teknolohiya! Hindi lang mga local na kabataan an gating maaabot bagkus pati ibang kabataan saan man sa buong mundo. Ang unang matagumpay na Online Zoom Ritwal ay ginanap noong Kabilugan ng Buwan ng Septyembre, gamit ang mga superheroes, anime at iba't ibang mga kapahayagan ng Diwata. At sinundan namin ito ng Ritwal ng Undas (Samhain)!

Ang larawan sa kanan ay si Hayley at Fiona ng Compassion League Temple, mga kaanib ng Krsytel Cavalliers ditto sa Jacksonville, Florida. Kasama nila sa larawan si Corrie the Correllian na makikilala nyo sa susunod na paglilimbag ng Correllian Times.




Kung nais nyong isali ang inyong mga anak sa Krystel Cavaliers, mangyaring mag-email sa KrystelCavaliers@gmail.com. ***Ang Krystel Cavaliers ay samahan para sa mga bata na may edad na 3-18 taong gulang. Ang sinumang bata ay malugod na sumali (na may pahintulot ng kanilang mga magulang, siyempre).***

## Tradisyon ng Balita

Umaasa kami na kayo ay nalulugod sa Halloween Psychic Fair. Kamangha mangha ang nagawa ng CEM Broadcasting. Salamat sa lahat ng mga masisipag na bumuo ng kaganapang ito, lalo na sa mga tao na tumulong na kumilos na makamit natin ang malaking tagumpay. Salamat sa lahat ng ating mga Psychic Readers, Entertainers, Spiritual Workers at mga Panauhin na tumaguyod sa ating pagdaraos ng Halloween Psychic Fair.

## Correllian Trivia




Ang tanong para sa dagdag na kaalaman ngayon buwan ay:

### Sino ang nagtatag ng Correllian Nativist Tradition?

Alamin ang sagot sa susunod na buwan!

## Mga Kaarawan




**Setyembre 30th - Oktubre 27th** Ang Celtic Tree ng Ivy - Espirituwal at Mapagbigay

| | |
|---|---|
| Rev. John Morgan | **Oktubre 5th** |
| Fiona Whiteley | **Oktubre 11th** |
| Amanda Watson | **Oktubre 14th** |
| Alexandra Branam | **Oktubre 16th** |
| Ally Richardson | **Oktubre 16th** |
| Si Rev. Ser. Meranda Favro | **Oktubre 18th** |
| Madeline Smith | **Oktubre 18th** |
| Michelle Skidmore | **Oktubre 19** |
| Sandra Cook | **Oktubre 23rd** |
| Rev. Norman Dayto, HP | **Oktubre 26** |
| Melissa C. Favro | **Oktubre 29th** |

**Oktubre 28th - Nobyembre 24th** Ang Celtic Tree of Reed - Malikhain at Determinado

| | |
|---|---|
| M. Rev. Stephanie Leon -Neal | **Nobyembre 8th** |
| Rt. Si Rev. Ser. Angela Munn | **Nobyembre 10** |
| Scott Blair | **Nobyembre 10** |
| Rev. Ravenwolf Greenfield | **Nobyembre 10** |
| Rt. Rev. Alyssa Maxon Kemp noong | **ika-17 ng Nobyembre** |


**Ika-25 ng Nobyembre - Disyembre 23** ng Celtic Tree of Elder - Palabas at Kumpiyansa

*S*umulat sa amin upang aming mailathala ang inyong kaarawan sa bahaging ito. Ang Correllian Tradisyon ay isang Tradisyong Pampamilya at anong mas mahusay na paraan upang ipahayag sa buong mundo ng may kagalakan ang araw ng iyong pagsilang!

©Copyright - Correllian Times

## Musika - Ano ang Eksakto ng Musika?

Ni Rev. Eboni Nash



Maaring nagtataka kung nakita mo ang pamagat ng aking pitak ay tanong na ganito. “Ang Musika ay ang pagkakatugma ng himig na pinagsama upang makalikha ng kaayaayang tunog.” Ito ay totoo, ngunit ito ang pinakasimple sagot sa ating katanungan. Ang musika ay higit pa dito. Ipahintulot nyo na ipaliwanag kong maigi…

Noong labintatlong taong gulang ako, sa panahong iyon ako ay naninirahan kasama ang aking ina at amahin (sumalangit nawa ang kanilang kaluluwa). Nagsasanay ako sa aking silid. At ang nanay ko ay nasa sala nanonood ng mga Cowboys. Ang patakaran noon ay maari lamang ako makapagsanay sa loob ng 30 minuto sa isang sandali.

Makalipas ang tatlong taon, ganun pa rin ang patakaran sa bahay. Sa panahong iyon ay pinagaaralan ko ang isang pyesa habang tinutugtog ito, hangang sa biglang dumating ang aking nanay sa kwarto. Sa isip ko: “Lagot! Oras na ba?” Ang hindi ko alam, nakikinig pala ang nanay ko at nagtataka kung sino daw ang nagpapatugtog ng radio? Sabi ko:”Mom, hindi nakabukas ang radio. Nagsasanay ako. Lagpas na ba ako sa Oras?” at ang sabi nya: “ Ikaw bay un? Hindi. Ayos ka lang. Wag ka na magalala sa oras,”

Sa pagkakataong iyon ay napagtanto ko na naniniwala ang nanay ko sa ginagawa ko. Ang nakakatuwa sa kwentong ito ay hindi ko maalala kung ano ang pyesa na tinutugtog ko noong panahong iyon. Pero naalala ko ang pagkakataong iyon na nagsasanay ako.

Pag ninamnam mo ang musika, at pahintulutan mo ang iyong katawan na umindayog sa bawat nota na iyong tinutugtog. Bawat pagkakasundo ng himig na umaalingawngaw mula sa aking kaluluwa, nakatitiyak ako na dito ako nararapat. Ito ang dahilan kung bakit mahal ko ang musika. Ito ay di lang nota sa staff o kaya indayog sa palatuntunan. Ito ay Oras sa isang saglit. Isang Kabanata ng paglalakbay. Isang Katipunan ng kaisipan na lumilikha ng musika na nagsasalarawan ng pagunawa sa buong sansinukuban. Inuugnay tayo ng Musika sa isang salita na hindi kailangan pang isalin. Ang kailangan lamang ay suriin ang bawat himig upang maunawaan ang mahiwagang pahayag na napapaloob dito.


Umaasa ako na sa pamamagitan ng pitak na ito ay ating masiyasat maigi ang musika, bukod sa tinatangi nating artista, na syempre ay atin din paguusapan dito. Ito ay paglalakbay patungo sa Magic na dala ng musika saan man o kanino man. Tulad ng kasabihan na: “Di ko alam saan ako tutungo, pero parating na ako.” At kung saan man kayo dalhin ng Musikang Ito, nawa’y maging maluwalhati ang inyong paglalakbay.

©Copyright - Correllian Times 

## Kusina ng Pangkukulam: Pumpkin Bread

Ni Rev. Stacey Blair






Ngayong tapos na ang Undas (Samhain), ang tanong ngayon ay ano ang ating gagawin sa mga pumpkins. Ang isang paraan ay hati hatiin ito para sa mga hayop bilang paghahanda sa Winter. Ang iba naman ay ang gumawa ng Pumpkin Bread. Maari mo ilagay sa freezer ang mga tinapay at ihanda pag may salo-salo o di kaya ipang regalo sa pasko (Yule).


Painitin ang Oven hangang 350° F. Langisan ang hulmahan ng tinapay sa pamamagitan ng non-stick cooking spray. Ipaghalo ang harina, baking soda, baking powder at mga spices. Ihalo ang mantikilya at asukal sa hiwalay na mangkok. Lagyan ng itlog isa-isa at batihin hangang sa maging light at fluffy. Idagdag ang pumpkin at batihin hangang sa sila ay magsama. Idagdag ang tuyong sangkap. Hatiin ang batter sa pagitan ng dalawang hulmahan at lutuin sa loob ng 60 minuto hangang sa maluto. Tangalin sa oven. Budburan ng pinaghalong cinnamon at asukal para maging crust. Ihanda sya ng mainit sa malamig na gabi at magsaya!

Upang makita ang tampok na iyong resipe sa seksyong ito, ipadala ito sa CorrellianTimes@gmail.com.

©Copyright - Correllian Times

## Arts & Crafts / Artes y Oficios

Ni Rev. Wolfstar Moondancer Nang paikothumina



Habang umiikot ang gulong ng panahon at numinipis ang tabing sa kabilang mundo, isang malaking pagbabago ang nagaganap. Lahat ng ating ginagawa sa buhay ay kinasiyan ng Diwata. Madalas nating tinatanong sa mga Diwata na ipagkaloob sa ating buhay ang mga bagay bagay. Ngunit ang tanong para sa atin ay gaano ba ka linaw para sa atin ang ating mga hangarin? Ngayon ay ibabahagi ko sa inyo ang isang masayang gawain na makakatulong sa iyo na magkaroon ng focus. Tayo ay gagawa ng Vision Board. So anyayahan ang buong pamilya at tayo ay maging malikhain.

**Mga materyal na kinakailangan:**

- Cardboard / Poster Board
- Gunting
- Magazines
- Pandikit

(maari ka gumamit ng iba pang kasangkapan para palamutian ang iyong board)

Kumuha ka ng magazine at tignan mo ang mga larawan na kaakit akit para sa iyo. Kung nakakita ka na ng larawan na maari mong iugnay sa iyong hangarin, ang susunod mong gawin ay gupitin mo ito. Kung isa kang Techno Witch, maari kang gumawa ng Pinterest Board at hanapin sa internet ang mga larawan na nais mong makamit sa buhay. Pag nakakita ka na sa internet, ay I screenshot mo at gawing phone background o computer desk wall paper. Halimbawa: Nais mo magkaroon ng kapayapaan at ugnayang ispiritwal, humanap ka ng larawan na mararamdaman mo ang nais mong makamit. At idagdag mo ito sa iyong board. Ang Board na ito ay gagamitin mo araw araw sa pagbubulay na makakatulong sa iyo para ituon mo ang iyong pansin sa mga bagay na gusto mong makamit o mangyari at upang paalalahanan ka na tulungan ng Diwata na ipagkaloob sa iyo ang hangarin mo sa buhay.

©Copyright - Correllian Times

## Kalendaryo: Nobyembre

(Lahat ng nakalista ay Oras ng Silangang US)




**Nobyembre 1st**

- Dia De Los Muertos Ang
- Oras ng Pag-save ng Araw Nagtatapos sa 2 ng

**Nobyembre 2nd**

- Chat ng Chancellor kasama si Rev. Don Lewis sa 9pm

**Nobyembre 3**

- Araw ng Halalan (US)

**Nobyembre 6**

- Correllian Kaswal na Biyernes ng Chat sa 9pm

**Nobyembre ika-7**

- Green Tent kasama si Chad Blackman

**Nobyembre 9**

- ng Chat ng Chancellor kasama si Rev. Don Lewis sa 9 pm

**Nobyembre 11th**

- Veterans Day (US)
- Araw ng Paggunita (Canada)
- Crystal Web ritwal 7:30 pm

**Nobyembre 15th**

- New Moon sa 12:07 ng

**Nobyembre 16th**

- Leonids Meteor Shower
- Ang Chat ni Chancellor kasama si Rev. Don Lewis sa9 ng

**ika-Nobyembre 17th**

- Leonids Meteor Shower

**Nobyembre 20**

- Correllian Casual Friday Chat ng 9pm

**Nobyembre 21st**

- Sun ay pumasok sa Sagittarius
- Solstice Market 12 - 5 PM (https://www.facebook.com/events/611186032974780) - Mga Nagbebenta , psychics at presentasyon! Host ng Circle ng Risen Phoenix.

**Nobyembre 23**

- ng Chat ng Chancellor kasama si Rev. Don Lewis sa ika-9 ng

©Copyright - Correllian Times 

**Nobyembre 24th**

- Celtic Tree Buwan ng Reed ay magtatapos

**Nobyembre 25th**

- Celtic Tree Month of Elder ay magsisimula

**Nobyembre 26th**

- Araw ng Pasasalamat (US)

**Nobyembre 27th**

- Native American Heritage Day

**Nobyembre 30**

- Lunar Eclipse 3:32 am
- Full Mashing Moon 4:30 am
- Chat ni Chancellor kasama si Rev. Don Lewis ng 9pm

Kung mayroon kang anumang mga kaganapan sa Correllian na dapat naming idagdag, mangyaring makipag-ugnay sa amin sa CorrellianTimes@gmail.com.

## Kung Saan Mahanap ang Impormasyon Iyon



Sa pangkat na ito ay matatagpuan ang mga information patungkol sa Correllian. Ipasa ang link kasama ang pagsasalarawan kung saan mahahanap ang impromasyon. Para maipadala ang inyong mga impormasyon, mag email sa amin gamit ang corrlliantimes@gmail.com Ang Correllian Times ay nagpapatupad ng mga patakaran bago ito mailimbag sang ayon sa kagustuhan ng aming Patnugot.
Sa Opisyal na Website ng Correllian Tradition ay matatagpuan ang listahan ng lahat ng aming mga Templo, Proto Temple, Shrines, Orders at Study Group sa pamamagitan ng pagpindot sa “Group” Tab na makikita sa itaas ng homepage. Kung nais mo naman bumili ng badges para sa stole, stole. O robes ang pipindutin mo ay ang CorrStore. Makikita mo rin sa amin website ang application form para maging kaanib sa Correllian Tradition at ito ay ang www.correllian.weebly.com
Sa Correllian Publishing naman makikita ang iba’t ibang bagay na gawa ng mga kaanib ng Correllian Tradition. Para makapili ka ng gusto mo o pangregalo maari mong bisitahin ang www.correllian-publishing.myshopify.com

Sa Witch School naman ay iyong makikita ang sari saring aralin na maari mong matutunan para maging isang ganap na Witch/ Wiccan. May mga libreng aralin na maari mo mapagpilian at may supporting membership class na maari mong makuha sa murang halaga. Bisitahin at tignan ang iba’t ibang Kurso na makakatuliong sa iyo upang magkaroon ng Priest/ess Degree. Magugulat ka sa mga makikita mo kung ikaw ay pupunta sa www.witchschool.com

WitchSchool
Your Online Magickal Education

May iba't ibang Facebook Group at Pages kami para sa kaanib ng tradition na maari mong salihan.




**Correllian Membership Hub** Dito natin makikita ang pinaka bagong balita sa mga kaganapan sa loob ng ating treadisyon. Ito ay binubuo ng lahat ng mga member mula sa Outercourt, Inner Court at maging ang mga HighPriesthood ng tradisyon. Dahil sa lahat ng member ay nariririto, mas madali makilala ang bawat isa at magkaroon ng pagkakataon makipagugnayan sa pinakamalapit na member sa inyong lugar.



**Ang Correllian Outer Court Departmen**t Ito ay social group para sa mga kaanib ng tradisyon na hindi pa pari ng tradisyon. Upang makasali sa grupong ito mangyari mag apply muna sa : http://correllian.weebly.com/applications.html




**Correllian First Degree Department** Ang Grupong ito ay para sa mga Kaparian ng Tradisyon sa Unang Antas. Kinakailangan ng katibayan ng pagkakatalaga upang makasali sa samahang ito.

©Copyright - Correllian Times

**Correllian Second Degree Department** Ito ay samahan ng mga Kaparian ng Tradisyon na nasa Ikalawang Antas. Kinakailangan ang katibayan ng pagkakatalaga upang makasali sa samahang ito.

**High Priesthood of The Correllian Nativist Tradition** is a group for third degree priesthood of the tradition to receive updates, announcements and converse on matters concerning the tradition.

**Correllian Order of Artifacers** Ito ay samahan sa loob ng ating tradisyon para sa mga kaanib na tinalaga sa pag gawa ng Correllian Regalia, Symbols at Sigils sa iba't ibang paraan, hugis, anyo, kagamitan at iba pang malikhaing sining.

**Ang Correllian Order of Hursini** Ito ay samahan ng mga Correllian na mananaliksik patungkol sa kasaysayan at nagtuturo ng panggagamot gamit ang cannabis, habang sinisiyasat din ang iba pang kagamitan ng cannabis para sa paaran ng magick at paglagong ispiritual.

©Copyright - Correllian Times



**Ang Order ng mga Photographer at Videographer ng Correllian** Ito ay samahan para sa lahat ng Correllian na merong interest na matutuo at pagibayuhin ang kanilang kasanayan sa Videography at Photography sa pamamagitan ng pagbabahagi nito sa isa't isa. Ito ang pinakamahusay na samahan upang matuto na gamitin ang iyong kasanayan o mapagbuti patungkol sa paggamit ng liwanag at anino. Saturation, aperture, angle, subject background/ foreground, patungkol sa Rule of Third at iba pang paraan ng editing at alteration ng mga litrato at video. Sumali ka sa amin kung nais mo pang matuto.

## Correllian Advertising

•CORRELLIAN NATIVIST TRADITION•

Kung ang sinuman ay nais na magsama ng isang maikling patalastas para sa kanilang mga grupong Correllian, ipadala lamang ito sa CorrellianTimes@gmail.com.




Makipag Chat kay Lord Donald Lewis tuwing Lunes Ika-9 ng Gabi Eastern Time. Matuto mula sa iba't ibang paksa na maari nating mapagusapan- ito man ay sa Magick, Ritwal, Teolohiya, kasaysayan, Sining, mga isyung panlipunan at iba pa. Tiyak na ang bawat paksang mapapagusapan ay kawiliwili.



www.facebook.com/groups/CompassionLeagueTemple. Ang Compassion League temple ay kinilala noong ika 25 ng Mayp Taong 12 ng Aquarius at naisaayos noong buwan ng Septyembre taong 13 ng Aquarius. Sila ay gumagabay sa pagaaral ng Una, Ikalawa, hangang Ikatlong Antas ng Correllian Wicca sa buong bansa sa pamamagitan ng kanilang Templo at ng Witch School. Ang Templo ay pinmumunuan ni Rt. Rev. Ser Angela Munn, AP.

www.facebook.com/mysticalrainbowtemple Ang Mystical Rainbow Temple ay naitalaga noon ika 13 ng Mayo Taong 18 ng Aquarius at naisaayos ito noong ika 19 ng Abril taong 20 ng Aquarius. Ang Templo ay nagbibigay ng tiyak na Paganong tahanan para sa mga kaanib ng LGBTQ sa internet. Ang templong ito ay pinamumunuan ni Rev. David K. Fortney Jr., HP

www.facebook.com/ourladyofthehealingfields Ang Lady of the Healing Fields Proto- Temple ay naitalaga nong ika 5 ng Enero taong 16 ng Aquarius. Ito ay matatagpuan sa Michigan, na nagsasagawa ng mga ritual na pampamilya at lumalahok sa gawain ng Krystel Cavaliers Scouting. Ito ay pinamumunuan ni Rev. Ser. Stacey Blair sa ilalim ng pamamatnubay ni Ret. Rev. Ser Angela Munn AP.

## Ang Non-Correllian Advertising




Ang mga Patalastas para sa Correllian Time ay nagkakahalaga ng $ 12.00 kada buawan na may sukat na 1 Pulgada hangang 2 pulgada kada pitak. Kung nais mong magkaroon ng patalastas sa aming Limbagin, maari makipagugnayan sa amin sa pamamagitan ng pag email sa correlliantimes@gmail.com

## The Givers Zone




Tinatangap ng Correllian Nativist Tradition ang inyong Financial na tulong. Ang kusang loob mong pagtulong ay labis naming kinikilala. Ang iyong handog, gaano man ito kaliit ay malaking bagay ito para makapaghatid ng paglilingkod sa ating tradisyon. Nauunawaan ng mga nagbibigay ang magandang dulot nito sa pagitan ng nagbibigay at tumatangap. Kung meron kayong katanungan, maari lamang na kausapin si Ret. Rev. Ser Mike Neal AP sa pamamagitan ng pag email sa CNTFundRaisingOffice@earthlink.net

## Nobyembre Mga Pagsusulat



BATO: TOPAZ, CITRINE HAYOP

: Ahas,EEL

Bulaklak ng: CHRYSANTHEMUM

RULING PLANET: PLUTO, MARS

## Pakikipag-ugnay sa Mga Editor

Inaanyayahan namin kayo na lumiham sa aming Editor sa pamamagitan ng pagbibigay mensahe sa correlliantimes@gmail.com

## mensahe mula sa Mga Editor




**Stacey Blair** - "Higit akong nasasabik na simulan ang gawaing ito kasama ang mga pinaka magaling sa ating tradisyon. At labis akong nagpapasalamat sa pagmamahal at suporta na aming natangap bago pa man malimbag ang lathalaing ito. Nawa'y lubos na maparangalan ang ating pinakamamahal na Blv. Windy sa muling pagsilang ng Correllian Times! "

**Eboni Nash** - Nais kong magpasalamat sa lahat sa pagakap ninyo na muling mailathala ang magandang pamana sa atin ng ating pinakamamahal na Lady Windy. Wala tayo magagawa para mapalitan ang mga pagsisikap at orihinal na kaisipan na kanyang nailikha. Ako po ay taos pusong umaasa na ang pagsisikap na maibalik ang Correllian Times ay maparangalan si Lady Windy at mapanatili ang kapatiran sa tradisyon na laging magkakaugnay na pinagsasaluhan ang bawat ligaya at tagumpay na ating tinatamo.

**Chad Blackman** - Kaaya-aya na maipagpatuloy ng ating tradisyon ang mga nasimulang gawain ni Lady Windy. Isang karangalan na maging bahagi ako sa gawaing ito at makaugnay sa kagila-gilalas na pangkat.

©Copyright - Correllian Times

**Jason Highcorrell** - Masaya ako na tumulong sa muling pagbabalik ng lathalaing ito para mailimbag alangalang sa karangalan ni Lady Windy bilang pamana sa atin at kung paano nya na hangang ngayon ay nahihikayat nya tayo gumawa ng mabuti kahit sa kabila ng tabing. Tunay nga sya ang Ina na nakababatid!"

**Kyle Metzger**- "Labis ako nagpapasalamat na ako ay napili upang makabahagi sa gawaing ito. Bilang baguhang Photographer, lagi kong hinahanap ang paraan na magamit ko ang aking kasanayan at nakita ko ito sa gawaing ito. Lubos akong natutuwa na maibahagi ang aking kasanayan sa ating mambabasa na nagpapahintulot na makita ang aking mga gawa at makita ang aking nakikita- ang kadahan at kasaganahan na ipinagkaloob sa atin ng Diwata. "

**Silas Mimir** - "Masaya ako na naging bahagi ako ng limbaging ito. Natutuwa ako na parangalan an gating pinakamamahal na Lady Windy, at makatulong na maipagpatuloy ang kanyang pamana. Mas lalo ako natutuwa dahil maari natin ito maibahagi sa iba't ibang wika din ngayon!"

**Angela Munn-** Umaasa ako na kayo ay nasiyahan sa bagong Correllian Times. Ang Patnugutan ng lathalaing ito ay nagsumikap upang mailathala ito para sa iyo.

**Mylinda Whiteley-**Ito ay nakakatuwa! Ang Pamana ni Lady Windy ay mabubuhay sa maraming paraan. Ito ay isang paraan lamang para maparangalan natin sya. Maraming Salamat sa inyong lahat na nagbigay oras para basahin ang mga ito. Masaya ako na magbahagi ng aking kaalaman, malikhaing sining, rituals at iba pang masayang gawain para sa mga Kabataan ng Correllian Tradition.

## Tampok na Templo/ Temple Highlights- Four Pilar Proto-Temple

Ni Rev. Kyle Metzger HP



Ang Temple Highlights ay bahagi ng ating lathalain kung saan ay aming itatampok sa pahinang ito ang inyong templo kung saan makikita ang inyong pagtatalaga at gawain sa pamayanan, at bilang kaanib ng tradisyon at pananampalatayang Wicca.

Ngayong buwan ng Nobyembre ay ating itatampok ang Foul Pillars Proto-Temple.


Ang Four Pillars ay tinatag ni Rev. Kyle Metzger HP noong 2014 bilang pansariling dambana. Ito ay napaka personal na dausan ng pagsamba kung saan ay may maliit na pakikipagugnayan sa pamayanan. Gumugol ng panahon si Rev.Kyle upang buoin ang mga saligan at kaanyuan ng

©Copyright - Correllian Times 

Dambana sa pamamagitan ng pag likha ng batas, pagsasaayos ng website at ng youtube channel. Matapos nito, ay nagkaroon ng mga tao sumali bilang kaanib at ngayon ang templo ay nagkakaroon ng mga pulong para sa mga kaanib na nagsasagawa ng ritwal at sabbat.

Noong taong 2015 ang dambana ay kinilala bilang Witan Shrine at noong 2018 ay tumaas ang kanyang pagkilala at naging Proto-Temple at may pagnanais kami na makamit ang ganap na pagiging Templo. Taas noong ipinagmamalaki ng aming proto-temple ang pagkakaroon ng sariling Crystal Web Access point na laging bukas para sa kaanib ng templo at sa lahat pa na maaring umugnay dito at sila ay aming tinatanggap na magdagdag ng kanilang lakas o gamitin ang crystal access point.

Ang samahan ay may dalawang kaanib sa Inner court at ang isa ay kasalukuyang nagaaral upang mapabilang sa Inner court. Halos lahat ng kaanib ng templo ay kaanib din sa Correllian Tradition. Ang Templo ay naitatag sa layuning magbigay ng paglilingkod sa pamayanan sa pamamagitan ng pagsamba, pagpapanata at sa pagtuturo. Ang Apat na Panuntunan na bumubuo sa templo ay ang mga sumusunod: Pagaaral, Pagsamba at Pagpapanata, Paglilingkod, at ang pananatili ng Buhay.



Nagdaraos ng buwanang pagpapanata at ritwal ng pagpapala ang Four Pillars Proto-Temple tuwing ika- 1 ng buwan. Gayun din kami ay nagsasagawa ng Live Ritual para sa mga taong interesado na makibahagi sa pamamagitan ng iba't ibang social media platform. Palagian natin idinadaos ang mga Sabbat Ritual pero di nangangahulugan na ito ay palaging naka broadcast ng live. Ang samahan ay walang opisyal na pintakasi bagkus maliban kay Inang Gaya. Ang Four Pillars Proto-Temple ay matatagpuan sa Youngstown, Ohio.

Youtube channel: https://www.youtube.com/channel/UC_ZhsOFf3uXhINq_JFtFoRw?view_as=subscriber
Wordpress account: https://fourpillarsprototemple.wordpress.com/

## Holiday of the Month

By Rev. Kyle Metzger HP

Ang Holiday section ay inaalay natin para sa pagsasaliksik ng mga di pangkaraniwang kaalaman patungkol sa mga pagdiriwang nagaganap buwan-buwan.

Ayon sa Mirriam-Webster Dictionary, ang salitang "Holiday" ay nagmula sa lumang Ingles na salita (hāligdæg) na ang ibig sabihin ay Banal na Aral. Ito ay ating pinakakahulugan ngayon bilang araw kung saan hindi tayo papasok sa paaralan o trabaho, at ang buong araw na iyon ay ating igugugol sa pag alaala ng nasabing kaganapan. Habang ang Gulong ng panahon ay umiikot ngayon patungo sa taglamig dito sa hilagaang bahagi ng mundo, matatagpuan natin na

maraming pagdiriwang ang nagbabago ng kanilang tuonmula sa panlabas patungo paloob. Nakikita natin ang pagusad nito sa social media o sa mga societal holiday at mga pagdiriwang ng pamilya at ang kahalagahan nito ay tumutuon sa pagpapahalaga ng pamilya.

**November 11th- Lunantshees**



Maraming masasayang pagdiriwang ang nagaganap sa buwan ng Nobyembre, at dahil sa isa lamang ang maari nating talakayin sa ngayon, kaya napagpasyahan ko talakayin ito! Ang Pagdiriwang na ito ay kilala bilang Irish Holiday na maaring piangdiriwang pa rin isa ibang lugar ngayon. Konti lang ang kaalaman patungkol sa nasabing pagdiriwang na ito at kadalasan konti lang ang naisulat sa mga katutubong paraan ng pagdiriwang nito. Kadalasan ang mga kaalaman ay naisulat sa mga journal at iba ay mga pinasa lang ng mga tao na gumanap nito.

Sa pagsanguni ko sa pagdiriwang ng Lunanthshees, may mga pagbabago mula sa Irish calendar na nagsasabi na ipinagdiriwang ito tuwing ika-1 ng nobyembre at ito ay nailipat sa ika 11 ng buwan. At dahil ang pagdiriwang na ito ay naiugnay sa ika-1 ng nobyembre, marami mga element sa pagdiriwang na ito ang isinahalintulad sa pangunawa ng maraming Wiccan at Pagan sa pagdaraos ng Undas (Samhain) at meron din itong kaugnayan sa Wild Hunt sa loob ng araw din ito. At pinaniniwalaan na ang ika-11 araw ng nobyembre ay ang araw kung saan ang mga masasamang "Sidhe" (Engkanto) ay malakas at gumagala sa kalupaan upang maghasik ng lagim at kamalasan. Meron din na tumutukos sa nagngangalang Nicnevin na sinasabing isang Matandang Diwata ng Irish o marahil isang Reyna ng mga Engkanto na nakakatakot at malupit na babae. Isinasalarawan din sya bilang pinuno ng mga mangangaso, bagaman alam natin na maraming diwata na kagaya nya ang naisalarawan tulad ni Odin. Pinaniniwalaan na sa pagitan ng ika-31 ng Oktubre hangang ika- 11 ng Nobyembre ang kahindakhindak na panahon kung saan ang Nicnevin ay gumagala upang nakawin ang masamang kaluluwa ng sangkatauhan.

©Copyright - Correllian Times 

Maraming nagsasabi na ang mga Sidhe ay masamang nilalang. Sa sarili kong pananaw, maraming mga Tribu ng mga Sidhe na maaring makapaminsala sa mga tao, ngunit naniniwala rin naman ako na marami ding mga Sidhe na mabuti na nakakatulong sa sangkatauhan. Kung pinili mo parangalan ang pagdiriwang na ito, at magalay ng pagpupugay sa kasamaan ng Sidhe upang mabago ang mga sakunang dulot nito, pinapayo ko na magalay ka ng tinapay na may pulot at isang basong gatas na may honey na binuhos sa tinapay. Pagpapala sa Gabi ng Nicnevin ay sumaiyo!



Photo credit: Rev. Kyle Metzger HP

**PAUNAWA: LAHAT NG NILALAMAN NG LATHALAING ITO AY PAGAARI NG CORRELLIAN TIMES AT NG PATNUGUTANG ITO. HUMINGI MUNA NG PAHINTULOT BAGO ILIMBAG ITO SA INYONG MGA PAHINA. ANG LAHAT NG MGA INILILIMBAG SA LATHALAING ITO AY MAY PAGSANGAYON NG ATING EDITOR.**